# *15-Araw na Paunawa upang Magbayad o Titigil*

*(Walang-pagbabayad ng Upa sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Enero 31, 2021)*
***(Gagamitin para sa mga paunawa na ibinigay bago ang Pebrero 1, 2021)***
*(Kodigo ng Sibil na Pamamaraan Seksyon 1179.03(c)(4))*

PARA KAY: ______________________________________________
(Pangalan ng (mga) Nangungupahan)

## PAUNAWA MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA

Kung ikaw ay hindi makapagbayad sa halagang kinakailangan sa paunawa na ito, at nabawasan ang kinita o tumaas ang gastusin dahil sa COVID-19, ang iyong maylupa ay walang kakayahan na paaalisin kayo para sa hindi nabayarang ito kapag ikaw ay pumirma at ihahatid ang form ng pagpapahayag kabilang ang iyong paunawa sa iyong maylupa sa loob ng 15 mga araw, hindi kasali ang mga araw ng Sabado at Linggo at ibang hudisyal na mga araw ng holiday, ngunit may utang ka pa rin sa iyong maylupa. Kung hindi mo nilagdaan at naihatid ang pahayag sa loob ng panahon na ito, mawawalan ka ng makukuhang proteksyon sa pag-alis. Dapat mong ibalik ang form na ito upang mapoprotektahan. Kailangan kang magtago ng kopya o larawan ng nilagdaang form para sa iyong rekord.

Kung binigay mo ang form ng pagpapahayag sa iyong maylupa ayon sa inilarawan sa itaas AT, sa o bago ang Enero 31, 2021, ikaw ay nakapagbayad ng halagang katumbas ng hindi bababa sa 25 porsyento ng bawat bayarin sa upa na dumating o darating sa panahon na pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Enero 31, 2021, na ikaw ay hindi nakapagbayad na naging resulta ng nabawasang kinita o tumaas na gastusin dahil sa COVID-19, ang iyong maylupa ay hindi makapaaalis sa iyo. Maaaring kailanganin ng iyong maylupa na ikaw ay magsusumite ng bagong form ng pagpapahayag sa bawat pagbabayad ng upa na hindi mo nabayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Enero 31, 2021.

Halimbawa, kung ikaw ay nagbigay ng form ng pagpapahayag sa iyong maylupa tungkol sa iyong nabawasan na kinita o tumaas na gastusin dahil sa COVID-19 na pumigil sa iyo na makakabayad ng iyong upa sa buwan ng Setyembre at Oktubre 2020, ang iyong maylupa ay hindi makapaaalis sa iyo kung, sa o bago ang Enero 31, 2021, ikaw ay nakagawa ng pagbabayad na katumbas sa 25 porsyento ng bayad sa upa ng Setyembre at Oktubre (iyan ay kalahati sa buwan na upa). Kung hindi ka nakapagbayad sa anumang mga bayarin sa pag-upa sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Enero 31, 20121, at ibinigay mo sa iyong maylupa ang mga pagpapahayag bilang tugon sa bawat 15-araw na paunawa na ipinadala ng iyong maylupa na ipinadala sa iyo sa panahong iyon, ang iyong maylupa ay hindi makapagpaalis sa iyo

kung, sa o bago ang Enero 31, 2021, nagbayad ka sa iyong maylupa ng halagang katumbas sa 25 porsyento ng lahat na mga bayarin sa pag-upa na dapat bayaran mula Setyembre hanggang Enero (iyan ay isa at sangkapat na buwang upa).

May utang ka pa rin ng halagang pera na ito sa iyong maylupa at maaaring akusahan para sa pera, ngunit hindi kayo maaaring palalayasin sa iyong bahay kapag nasusunod mo ang mga kinakailangan na ito. Kailangan mong panatilihin ang maingat na bakas kung ano ang iyong nabayaran at anumang halaga na hindi mo pa nabayaran upang mapoprotektahan ang iyong mga karapatan at maiiwasan ang mga pagtatalo sa kinabukasan. Ang pagkabigo na tumugon sa paunawa na ito ay magreresulta sa labag sa batas na aksyon (pagpapaalis) na isasampa laban sa iyo.

Lokasyon ng lugar: ______________________________________________

Kabuuang halaga ng upa na dapat bayaran at inuutang: ________________________

_________________ (buwan/taon) $_______________
_________________ (buwan/taon) $_______________
_________________ (buwan/taon) $_______________
_________________ (buwan/taon) $_______________
_________________ (buwan/taon) $_______________

Para sa impormasyon tungkol sa ligal na mga mapagkukunan na iyong makukuha, bisitahin ang https://lawhelpca.org/.

Para sa impormasyon, mga mapagkukunan, at suporta, bisitahin ang https://housingiskey.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-422-4255.

**PAGTATATUWA:** ANG PAUNAWA NA ITO AY NAGLALAMAN NG IMPORMASYON NA KAILANGAN SA KODIGO NG SIBIL NA PAMAMARAAN SEKSYON 1179.03(C). ANG KARAGDAGANG IMPORMASYON AY MAAARING KAILANGANIN SA KODIGO NG SIBIL NA PAMAMARAAN SEKSYON 1161 O IBANG NAAANGKOP NA MGA BATAS NG FEDERAL, ESTADO O LOKAL NA MAGDEDEPENDE SA KAANYUHAN, LOKASYON AT

SA PANANALAPI NG IYONG INUUPAHANG YUNIT. PARA SA KARAGDAGANG PATNUBAY, MANGYARING KOMUNSULTA SA ISANG ABOGADO, ORGANISASYON NG LIGAL NA TULONG, ORGANISASYON NG MAYLUPA, O ISANG ADBOKASIYANG GRUPO NG NANGUNGUPAHAN.



Binago 1/29/2021